
Buod at paliwanag tungkol sa kit:

Ang OMNigene-GUT ay nagbibigay ng mga materyales at mga tagubilin sa pagkolekta at pagpapanatili ng DNA ng mikrobyo mula sa sampol ng dumi.







Mga babala at mga pag-iingat:

- PARA SA PANLABAS NA GAMIT LAMANG.
- HUWAG alisin ang dilaw na ibabaw ng tubo mula sa tubo.
- HUWAG itapon ang likidong pampapirmi sa loob ng tubo.
- Kung pumasok sa mga mata o dumikit sa salat ang likido, banlawan gamit ang tubig. HUWAG kainin.
- Kung magkokolekta ng likidong sampol ng dumi, basahin ang hiwalay na ibinigay na tagubilin para sa tagagamit.
- Maaaring may panganib na makabulon ang mga maliliit na bahagi.

Pagtago: 15°C hanggang 25°C


Ipadala ayon sa mga angkop na regulasyon na sumasaklaw sa pagpapadala ng mga biyolohikal na ispesimen. Tignan ang MSDS sa www.dnagenotek.com

Kahulugan ng label:

-  Magkolekta ng sampol bago (Gamitin bago)
-  Numero ng katalogo
-  Tagagawa
-  15°C / 25°C Tagubilin sa pagtago
-  Babala, basahin ang mga tagubilin sa paggamit
-  Numero ng lot

MGA TAGUBILIN PARA SA TAGAGAMIT

Basahin ang lahat ng mga tagubilin bago ang pagkolekta

Pamamaraan:



- 1 MGA IMPORTANTENG PAGHAHANDA:**
- Ilabas nang lubusan ang laman ng pantog bago simulan ang pagkolekta.
 - Magkolekta ng sampol ng dumi na walang ihi o tubig mula sa palikuran.
 - Maaaring mangailangan ng toilet paper o mga tisyu.



- 2** Habang hawak ang dilaw na ibabaw ng tubo, alisin LAMANG ang kulay-ube na takip mula sa kit at itabi para gamitin mamaya.


MAHALAGA:


HUWAG alisin ang dilaw na ibabaw ng tubo. HUWAG itapon ang likidong pampapirmi na nasa loob ng tubo.



- 3** Gamitin ang spatula para magkolekta ng kaunting sampol ng dumi.



Aktuwal na laki ng sampol ng dumi.



- 4** Ilipat ang sampol ng dumi papasok sa dilaw na ibabaw ng tubo. Ulitin hanggang mapuno ng sampol ang dilaw na ibabaw ng tubo.



MAHALAGA: HUWAG itulak ang sampol papasok sa tubo.




- 5** Ipahid nang pahalang sa ibabaw ng tubo para maipantay ang sampol at maalis ang anumang sobra. Punasan ang labas ng tubo at ang ibabaw gamit ang toilet paper o tisyu kung kinakailangan.



- 6** Kunin ang takip na kulay-ube nang nakaharap pababa ang parte na walang butas at isara sa dilaw na ibabaw ng tubo hanggang ito ay mahigpit nang naisara.




- 7** Alugin ang nakatakip na tubo nang malakas at mabilis hanggang posible nang paabante at paatras nang hindi bababa sa 30 segundo



- 8** Ang sampol ng dumi ay hahalo sa likidong pampapirmi na nasa loob ng tubo; hindi lahat ng mga parte ay matutunaw.

MAHALAGA: Ituloy ang pag-alog kung ang mga **malaking** bahagi ay nananatiling kagaya ng nasa Pigura A.



- 9** Ilagay ang spatula sa orihinal na pakete o ibalot sa toilet paper at itapon sa basurahan.
- MAHALAGA:** Ipadala ang sampol para sa pagproseso at sundin ang mga tagubilin sa pagpapadala na hiwalay na ibinigay ng provider ng kit.